SBCS – Lungsod ng Chula Vista

COVID-19 Programa sa Emerhensiyang Pantulong sa Pagrenta (ERAP)

Mga Kadalasang Katanungan (FAQ)

1) Ano ang Programa sa Emerhensiyang Pantulong sa Pagrenta 2021?

Ang SBCS – Lungsod ng Chula Vista Programa sa Emerhensiyang Pantulong sa Pagrenta ay tumutulong sa mga karapat-dapat na sambahayang naapektuhan pampinansyal ng pandemya ng COVID-19. Ang programa ay nagbibigay ng pantulong sa bayarin ng mga nangungupahang kailangan ng renta at mga kagamitan.

2) Paano ko malalaman kung ako ay karapat-dapat?

Ikaw ay kwalipikado sa programa kung ikaw ay may kakayahang patunayan sa pamamagitan ng suportadong dokumento na ikaw ay kabilang sa mga sumusunod:

- Isang kasalukuyang nangungupa sa pagmamay-aring tirahang matatagpuan sa Chula Vista (halimbawa: mga apartment, mga karagdagang yunit na tirahan, kondominyum, tirahan para sa isang pamilya, nailipat na tahanang umuupa ng espasyo, umuupa ng kwarto); at
- Ikaw ay miyembro ng sambahayang nakararanas ng pagbaba sa sweldo o pagtaas ng gastos na dulot ng COVID-19 (halimabawa: pagkawala ng trabaho, pagbaba ng oras ng trabaho, bayaring medical, bayarin para sa pangangalaga sa bata atbp) O kasalukuyang walang trabaho ng 90 na araw na o mahigit pa; at
- Ikaw ay nasa peligro ng kawalan ng tirahan O naninirahan sa hindi palagiang pamamahay na pinapakita sa mga sumusunod:
    - Abiso ng Pagpapalayas
    - Abiso sa Nakalipas na Dapat Bayaran
    - Abiso sa Nakalipas na Dapat Bayaran sa Kagamitan
    - Iba pang mga ebidensyang hindi ligtas o hindi malusog ang kondisyon ng pamumuhay o hindi katatagang pamamahay; at,
- Ang iyong taunang sweldo noong 2020 o batay sa iyong kabuuang buwanang sweldo sa loob ng 30 araw ng lahat ng iyong miyembro ng kabahayan ay mas mababa sa mga sumusunod:

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6
80% AMI*	$ 67,900	$ 77,600	$ 87,300	$ 97,000	$ 104,800	$ 112,550

*Hangganang kita ng San Diego ay epektibo mula April 1, 2021

3) **Aano ang mga lugar na sakop ng ERAP?**

Ang SBCS ay maglilingkod sa mga indibidwal at pamilyang nasa loob ng Lungsod ng Chula Vista lamang. Ang mga residente ng San Diego County na nasal abas ng Lungsokd ng Chula Vista ay dapat na bumisita sa ERAPSanDiego.org upang kumonekta sa ibang maaaring pantulong programa sa pagrenta.

Mga Nagsisilbing Zip Code ng Chula Vista: 91902*, 91910, 91911, 91913, 91914, 91915

**Ang ilang bahagi ng zip code 91902 ay nasa labas ng Lungsond ng Chula Vista. Kung hindi sigurado, maaaring sumangguni sa ERAPSanDiego.org upang matukoy kung saang nasasakupan nabibilang ang iyong tirahan.*

4) **Paano ako magpapasa ng apikasyon para sa ERAP?**

Ikaw ay maaaring magpasa ng aplikasyon sa **online**. Ang aplikasyon ay maaring gamitin sa lenggwaheng Ingles, Espanyol at Tagalog. Kung ikaw ay walang internet at nangangailangan ng tulong sa pagkumpleti ng iyong aplikasyon, tawagan ang (619) 271-1805 upang maging konektado sa miyembro ng SBCS na maaaring makatulong sa iyo.

5) **Ako ay may kasamang maraming matatandang naninirahan sa aking tahanan. Sino ang dapat na magpasa ng aplikasyon?**

Ang kahit na sinong matatandang nakalista sa kontrata ng pag-upa ay pweedng magpasa ng aplikasyon para sa pantulong sap ag-upa sa ngalan ng buong samabahayan. Ang iyong sambahayan ay dapat na magpasa ng isang aplikasyon. Ang impormasyong nakalagay sa inyong aplikasyon ay dapat na sumasalamin sa kinalalagyan ng lahat ng taong kabilang sa inyong sambahayan.

6) **Kailangan ko ba ng email address upang makapag-apply? Paano kung wala akong email address?**

Ang wastong email address ay kinakailangan sa pagpasa ng aplikasyon sa online. Kung ikaw ay wala nito, maaari kang gumawa upang makumpleto ang iyong aplikasyon. Ang mga sumusunod ay tagabigay ng libreng email:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung ikaw ay nagkakaroon ng problema sa email address at sa pagkumpleto ng iyong aplikasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa (619) 271-1805 para matulungan ka ng kahit sinong miyembro sa iyong aplikasyon sa online.

7) **Ano ang aking dapat gawin kung ako ay may problema sa pag-log in o pag-apply sa online?**

Unang Hakbang: Ikaw ay kailangang gumawa ng iyong account upang makapag-apply. Ang email address ay kinakailangan.

Ikalawang Hakbang: Kumpirmahin ang inyong nakarehistrong email address bago mag-log in upang makumpleto ang inyong aplikasyon. Upang makumpirma ang iyong email address, maaaring suriin ang iyong email at pindutin ang link na nasa mensahe ng iyong pagrehistro sa email na inyong natanggap upang magkumpirma.

Tandaan: Kung hindi mo mahanap ang pagpaparehistro sa email na ipinadala s aiyo, maaaring suriin ang iyong kunk o spam na polder. Kung hindi mo pa rin mahanap ang iyong pagpaparehistro sa email, pindutin ang "Resend Email Confirmation" na nakakonekta sa pahina ng pag-log in.

Ikatlong Hakbang: Mag-log in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon sa online.

Tandaan: Kung matagumpay mo ng nakumpirma ang iyong email address, ngunit hindi pa rin makalog in, pindutin ang "Forgot your password?" na nakakonekta sa pahina ng pag-log in. Suriin ang iyong email at pindutin ang link na nakalagay sa mensaheng ipinadala sa iyo upang mabuksan ang webpage upang ikaw ay makagawa ng panibagong password para makapag-log in.

8) **Ano ang mga katanggap-tanggap na mga form sa paggpapatunay ang dapat ipasa kasabay ng aking aplikasyon?**

- Ang mga aplikante ay dapat na magpasa ng kopya ng photo ID o kahit anong ID inilathala ng gobyerno
- Kung ang photo ID ay hindi sumasalamin sa kasalukuyang tirahan, dapat na magbigay ang aplikante ng kopya ng ID na may bayarin sa kagamitan o pagpapaupa na sumasalamin sa iyong pangalan at kasalukuyang tirahan (tirahang nasa aplikasyon).
- Pagpapatunay sa paninirahan kagaya ng kasunduan sa pagpapaupa, sulat galling sa kasero, o kasalukuyang bayarin sa kagamitan.
- Pagpapatunay na sumasalamin sa kawalang-tatag ng pabahay o nasa peligrong makaranas ng kawalan ng tirahan kagaya ng lumipas na bayarin sa upa o bayarin sa kagamitan, abiso sa pagpapalayas, o sulat mula sa kaserong may detalyeng tungkol sa lumipas na bayarin sa upa.
- Pagpapatunay sa sweldo kagaya ng upos ng sweldo para sa lahat ng miyembro ng sambahayang nagtatrabaho, pagpapatunay ng kawalan ng trabaho. Ang sulat pangbenepisyo ng CalWORKs atbp. ay dapat na sumalamin sa petsang hindi mas maaga sa Enero 1, 2021 ang tatanggapin. Ang mga sulat pangbenepisyo ng SSI/SSA mula Enero 1, 2021 ay tatanggapin.

9) **Kinakailangan ko bang maglagay ng mga sumusuportang dokumento sa aking aplikasyon?**

Ang mga aplikasyon ay mapoproseso nang batay sa pagkakasunod-sunod ng pagdating o unang dumating, unang pagsisilbihang batayan, at ang apliasyon ay maituturing na kumpleto kung ang lahat ng dokumento ay natanggap na. Bagaman opsyonal ang pagbibigay ng lahat ng dokumento sa oras ng aplikasyon, lubos na hinihikayat na ang dokumento ay ibigay kalakip ng aplikasyon upang masiguro ang mas mabilis na pagproseso. Kung ang aplikasyon ay napili para sa pagsusuri, ang kawani ng SBCS ay hihilng ng kahit anong nawawalang dokumento para sa proseso ng pagpapatunay.

10) **Kinakailangan ba ang mga dokumento ng pagkamamamayan sa programang ito?**

Ang aplikasyon ay hindi magtatanong tungkol sa iyong estado ng pagkamamamayan.

11) **Paano ako maaabisuhan kung ako ay natanggap o suriin ang estado ng aking aplikasyon?**

Lahat ng aplikante ay maaabisuhan kung sila ay natanggap o hindi sa pamamagitan ng email, teks o mail (kung ang email address ay hindi ibinigay). Para sa iyong kaginhawaan, ang estado ng aplikasyon ay maaaring suriin online kahit kalian o 24/7.

12) **Gaano karaming pantulong sa upa ang aking maaaring pagkwalipikahan**

Ang ERAP ay uunahin ang pantulong sa bayarin ng mga nangungupahang nakalipas na ang bayarin. Ang tulong pinansyal para sa nakalipas na bayarin sa upa ay maaaring mula Abril 2020 hanggang Marso 2021. Ikaw ay maaari ring mag-apply para sa mga nakalipas ng bayarin sa kagamitin, at para

sa kasalukuyan o hinaharap na upa, ngunit ang SBCS ay magpoproseso ng mga kahilingang ito nang hiwalay, sa hinaharap na oras at kung ang pondo ay mayroon pa rin. Ikaw ay maaaring makatanggap ng kabuuang 12 buwang tulong.

- **Kung ang aking kasero ay pumayag na lumahok sa programang ito…**
  Kung ang kasero ay pumayag na lumahok sa programang ito, ikaw ay makatatanggap ng 80% ng iyong nakalipas na bayarin sa renta mula April 2020 hanggang Marso 2021. Ang mga kaserong pumiling lumahok ay kailangang makumpleto at pirmahan ang kasunduan upang makatanggap ng 80% na bayad bilang bayad sa kabuuang utang sa renta ng mangungupa, ibig sabihin na ang kasero ay binabalewala na ang natirang utang. Ang bayaran ay isasagawa nang direkta sa kasero.

- **Kung ang aking kasero ay hindi pumayag na lumahok sa programang ito**
  Ang kasero ay hindi kailangang lumahok sa programang ito. Kung ang kasero ay tumanggi sa paglahok sa programang ito, ang SBCS ay maaari lamang magbayad ng 25% ng iyong nakalipas na bayarin sa renta mula Abril 2020 hanggang Marso 2021. Ang bayad ng iyong nakalipas na bayarin sa renta ay isasagawa nang direkta sa nangungupahan.
  *Iyong responsibilidad na magbayad sa iyong kasero upang masiguradong ikaw ay protektado sa ilalim ng programang pamproteksyon sa pagpapalayas ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon sa programang ito, maaaring magtungo sa website ng Pabahay ang Kasagutan sa https://landlordtenant.dre.ca.gov/.

13) **Kung ako ay mayroong kasama sa kwarto, maaari ba kami parehong mag-apply?**
Tanging isang aplikante bawat tirahan lamang ang pinapayagan.

14) **Maaari ba akong maging karapat-dapat sa emerhensiyang pantulong sa pag-uupa kung ako ay tumatanggap na ng tulong sa aking renta, katulad ng Seksyon 8, tulong sa mabilisang pagpapalit ng tirahan, o tulong sa renta mula sa hindi pangkalakal na mga ahensya?**
Hindi, ang sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng tulong/subsidyo kagaya ng Seksyon 8, tulong sa mabilisang pagpapalit ng tirahan, o tulong sa renta mula sa hindi pangkalakal na mga ahensya na nakabatay sa buwanang sweldo ay hindi na kwalipikado sa tulong. Kung ikaw ay nakaranas ng pagbabago sa iyong sweldo, maaring makipag-ugnayan sa Awtoridad sa Pabahay ng Lalawigan ng San Diego sa (858) 694-4801 o sa tagabigay ng iyong subsidyo para sa tulong sa pagsasaayos ng iyong bahagi sa renta nang naaayon.

15) **Kailangan ko pa ba ang impormasyon sa pakikipag-ugnay ng aking kasero sap ag-apply?**
Oo, ikaw ay dapat na may kaalaman sa pangalan, numero ng telepono, o email address ng iyong kasero sa yugto ng aplikasyon

16) **Dapat ko bang ipaalam sa aking kasero na ako ay nag-aapply sa programang ito?**
Ang pagsabi sa iyong kasero na ikaw ay nag-apply sa Emerhensiyang Programang Pantulong sa Pagpapaupa ay makatutullong sa pagpapabilis ng proseso, sa kadahilanang ang SBCS ay makikipag-ugnayan din sa kanila.

17) **Kung ako ay mapipiling makatanggap ng tulong, kailangan ko ba itong bayaran pabalik?**
Hindi, ang nangungupahan ay hindi kailangang magbayad pabalik. Inilaan ang pagbibigay ng tulong upang ikaw ay panatilihin sa inyong tahanan at maiwasan ang pagpapalayas s aiyo dahil sa hindi pagbayad ng renta.

18) Kung ako ay nangungupahan sa komersyal na renta, ako ba ay kwalipikado?

Ang programa ay tumutulong lamang sa mga karapat-dapat na aplikante sa tulong sa renta sa pabahay at hindi sa komersyal na renta.

19) Ang kasero ba ay maaaring mag-apply sa ngalan ng nangungupahan?

Ang kasero ay maaaring mag-apply sa ngalan ng nangungupahan, ngunit ang nangungupahan ay dapat na maglaan ng kalakip na lagda, at ang mga kinakailangang dokumento ay dapat na maipasa pa rin. Ang kalakip na lagda ay dapat maisagawa ng nangungupahan nang directa sa pamamagitan ng aplikasyon sa portal o sa pamamagitan ng sulat pakikipag-ugnayan (kabilang ang elektronik) mula sa nangungupahang kinukumpirma ang aplikasyong ibinigay ng kasero.

20) Kung ako ay maaprubahan para sa emerhensiyang tulong sa pagrenta, ako pa rin ba ay karapat-dapat na tumanggap ng karagdagang tulong?

Kung ikaw ay nakatanggap na ng tulong mula sa nakaraang programa, mula man sa SBCS o sa ibang organisasyon, ikaw ay maaari pa ring mag-apply sa programang ito.

Ang mga aplikante ay maaaring mag-apply sa kahit anong natitirang mga atraso mula sa pinayagang panahon (Abril 2020 hanggang Marso 2021). Ang kahit anong atrasong tapos na o nasakop na ng nakaraang programa ay hindi na pinapayagan.

21) Kailan ko maaasahang maproseso ang aking aplikasyon at maibigay ang bayad kung ito ay aprubado na?

Ang aplikasyon ay susuriin batay sa kung sino ang nauna o unang dumating, unang aasikasuhing batayan kung saan ang prayoridad ay ibibigay sa may mga sobrang babang sweldo at bilang ng walang trabahong sa sambahayan (tingnan ang Tanong 22 sa ibaba). Depende sa kung saan maibibilang sa mga kategoryang nakasaad ang iyong aplikasyon ,ito ay maaaring magtagal ng lingo o mas mahaba pa mula sa oras na ikaw ay nag-apply at kung kalian nakipag-ugnayan s aiyo ang SBCS.

Ang pagproseso ng iyong aplikasyon ay nakabay rin sa mga sumusunod at maaaring magtagal bago makumpleto ang pagsusuri nito at maglabas ng desisyon:

- Kung ikaw ay hindi nagbigay ng dokumentong susuporta o karagdagang pagpapatunay na kailangan.
- Kahilingan at pagtugon sa impormasyon ng iyong kasero.

Kapag ang iyong aplikasyon ay naaprubahan, maaaring tumagal nang may karagdagang linggo upang maibahagi ang bayad sa iyong kasero.

Ang mga aplikante at kasero ay maaaring masuri ang estado ng kanilang aplikasyon sa portal online kung saan sila nag-apply at makatatanggap ng sulat sa loob ng buong proseso mula sa SBCS.

22) Paano binibigyan ng prayoridad ang aplikasyon?

Ang Pederal at Estadong Utos ng Pagpapahalaga ay kinabibilangan ng:

- Sweldo ng sambahayang nasa o mas mababa sa 50% ng Lugar ng Panggitnang Kita (Area Median Income-AMI).

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6
50% AMI*	$ 42,450	$ 48,500	$ 54,550	$ 60,600	$ 65,450	$ 70,300

*Hangganang kita ng San Diego ay epektibo mula April 1, 2021

- Ang isa o mahigit pang sambahayang miyembro ay walang trabaho hanggang sa petsa ng aplikasyon para sa tulong at nawalan ng trabago sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng aplikasyon (ang sweldo ng sambahayan ay dapat hindi mas mataas sa 80% AMI)

23) Kung ako ay may katanungan, kanino ako maaaring makipag-ugnayan?

Ang Lungsod ng Chula Vista ay nakipagpartner sa SBCS, isang lokal na hindi pangkomersyal, na suriin ang mga aplikasyon at isagawa ang pagbayad nang direkta sa mga kasero. Maaaring makipag-ugnayan sa impormasyon ng SBCS sa mga sumusunod:

SBCS
(Wikang Ginagamit: Ingles, Espanyol, Tagalog)
(619) 271-1805
430 F St, Chula Vista, CA 91910 (sa pamamagitan ng tipanan lamang)

Itong proyekto ay sinusuportahan, sa kabuuan o bahagyang, ng pederal gantimpaya ERA0131 na iginawad ng U.S. Departamento ng Treasury sa Lungsod ng Chula Vista.